



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth
Circular

Circular No.	2024-0005
Title	Quality Policy on the Diagnosis and Management of Pediatric Community Acquired Pneumonia (pCAP) as Reference of the Corporation

Tanong	Sagot
1. Ano ang PhilHealth Circular 2024-0005?	Ito ay naglalaman patungkol sa mga patakaran para sa mga bata/kabataang pasyente (edad 19 taong gulang at pababa) na na-ospital dahil sa pulmonya.
2. Ano ang Pediatric Community Acquired Pneumonia ?	Ang pulmonya ay isang impeksyon sa baga na sakop ang lung alveoli (air sacs) at maaring sanhi ng mga nakakahawang mikrobyo tulad ng bacteria, virus at fungi.
3. Anu-ano ang mga sintomas o palatandaan ng isang pasyenteng maaring may pulmonya?	<ol style="list-style-type: none"> 1. Ang isang bata na unang nagpapakita ng mga sumusunod na palatandaan at sintomas ay posibleng may pulmonya: <ol style="list-style-type: none"> a. Ubo b. Lagnat 2. Mga iba pang clinical signs: <ol style="list-style-type: none"> a. Tachypnea (mas mabilis na paghinga kumpara sa normal na paghinga) b. Iba pang mga palatandaan sa paghinga: <ol style="list-style-type: none"> b.1 cyanosis/hypoxemia (mababang oxygen level sa dugo) b.2 head bobbing (paulit-ulit na pagtaas-pagbaba ng ulo) b.3 chest indrawing/retractions (paloob na paggalaw ng lower chest kapag humihinga/pressure sa chest cavity ay mas mababa sa normal) b.4 apnea (paghinto ng paghinga habang natutulog) 3. Auscultatory of the Lungs: <ol style="list-style-type: none"> a. Decreased breath sounds (bawas na tunog ng paghinga) b. Crackles or rales (indikasyon na maaring mayroong fluid sa air sacs ng baga) c. Wheezes (maaring indikasyong ng bara sa daluyan ng hangin sa baga) d. Rhonchi (tuloy-tuloy nap ag-ungol kapag humihinga)
4. Ano-anong mga pagsusuri na susuporta sa mga pasyenteng may pulmonya	<p>Mga pagsusuri upang kumpirmahin kung may pulmonya ang pasyente:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Chest X-ray 2. Point of care ultrasonography (POCUS) 3. Complete Blood Count (CBC), Arterial Blood Gas (ABG) at Serum Electrolytes 4. C-Reactive Protein (CRP) and Procalcitonin (PCT)
5. Ano-ano ang mga batayan ng kalubhaan/panganib ng isang pasyenteng maaring i-admit sa ospital.	<p>Mga klasipikasyon ng kalubhaan/panganib ng pulmonya:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. PCAP A o B (non-severe)- mga pasyenteng maaring hindi iadmit sa ospital ngunit kung pagkatapos ng 48 na oras na hindi bumubuti ang kalagayan ng isang pasyente ito ay maaring i-admit sa hospital 2. PCAP C o D (severe)- mga pasyenteng kailangan i-admit sa hospital at nagpapakita ng malalang sintomas ng pulmonya.